# Ika-90 Anibersaryo ng Selebrasyon

**Oktubre 13, 2007**

*Pinaplano naming parangalan ang ating Ina sa Langit sa ika-13 ng Oktubre 2007 ng isang regalo mula sa kanyang mga ispiritwal na mga anak na kikilalanin sa buong mundo bilang "Fatima Chaplet" o isang kaparehong uri ng pangalan.*

*Iniimbitahan namin kayo na magdasal ng Fatima Chaplet bilang parangal sa ating Ina sa Langit.*

Makikita sa iba't ibang mga wika sa
www.fatimaprayers.com

# Mga Tanong at mga Sagot

**1. Bakit ko kailangang dasalin ang Pitong mga Dasal ng Fatima?**
Sapagka't ang Ina ng Diyos, ang Anghel ng Kapayapaan, at ang ating Panginoon ay nanghingi sa atin na dasalin ang mga panalanging ito.

**2. Kailangan ko bang dasalin ang Pitong mga Dasal ng Fatima sa "Siyam na Hakbang" na pormat?**
Ang "Siyam na Hakbang" na pormat ay isang mungkahi lamang. Ito ay isa lamang sa maraming mga posibilidad.

**3. Kailangan ko bang dasalin ang mga Dasal ng Fatima na gumagamit ng aking rosaryo lamang?**

Maari mong dasalin ang mga Panalangin ng Fatima sa anumang paraan na iyong piliin.

© 2006-2007 www.fatimaprayers.com
Ang Permiso ay ibinibigay para kopyahin ang Chaplet na ito gaya ng makikita rito, sa kondisyon na ito ay ipamamahagi ng libre.

# ANG PITONG MGA DASAL NG FATIMA

# ANG CHAPLET NG FATIMA*

Bilang Parangal sa Ating Ina sa Langit

Ika-90 Anibersaryo ng mga Pagpapakita sa Fatima
Sabado • Ika-13 ng Oktubre • 2007

www.fatimaprayers.com
*iminumungkahing titulo"

# Ang Pitong mga Dasal ng Fatima

## Ang ating Mahal na Birhen ng Fatima
## Ang Ating Mahal na Birhen ng Santo Rosaryo

## SIYAM NA MGA HAKBANG SA PAGDADASAL NG CHAPLET NG FATIMA*

**Hakbang 1:** Magsimula sa PANGUNGURUS. Habang tangan ang Krus dasalin ang Panalangin ng Sakripisyo:

*O Hesus, ito po ay para sa pagmamahal sa Iyo, para sa pagbabalik-loob ng mga makasalanan, at bilang reparasyon para sa mga kasalanan na nagawa laban sa Kalinis-linisang Puso ni Maria na ako ay nagdadasal.*

**Hakbang 2:** Sa susunod na malaking butil dasalin ang Panalangin ng Kapatawaran:

*Diyos ko, ako po ay naniniwala, ako po ay sumasamba, ako po ay nagtitiwala, at nagmamahal sa Inyo! Nanghihingi po ako ng kapatawaran para sa lahat ng mga hindi nanininiwala, hindi sumasamba, hindi nagtitiwala, at hindi nagmamahal sa Inyo.*

**Hakbang 3:** Sa unang maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Eukaristiko:

*Santisimo Trinidad, sinasamba ko Kayo! Diyos ko, Diyos ko, minamahal ko Kayo sa Kabanal-banalang Sakramento.*

*iminumungkahing titulo lamang
• para sa pampribadong debosyon lamang •
makikita sa iba't-ibang mga wika



**Hakbang 4:** Sa ikalawang maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Pagbabalik-loob:

*Sa pamamagitan ng iyong puro at Kalinis-linisang Pagkakapaglihi, O Maria, kamtin mo ang pagbabagong-loob ng Rusya, Espanya, Portugal, Europa at ng buong mundo!*

**Hakbang 5:** Sa ikatlong maliit na butil dasalin ang Panalangin ng Kaligtasan:

Katamis-tamisang puso ni Maria, iligtas mo po ang Rusya, Espanya, Portugal, Europa at ang buong mundo.

**Hakbang 6:** Sa susunod na malaking butil dasalin ang Panalangin ng Kapatawaran:

*Diyos ko, ako po ay naniniwala, ako po ay sumasamba, ako po ay nagtitiwala, at nagmamahal sa Inyo! Nanghihingi po ako ng tawad para sa lahat ng mga hindi nanininiwala, hindi sumasamba, hindi nagtitiwala, at hindi nagmamahal sa Inyo.*

Para sa pagdadasal ng karagdagang mga Dekada, ulitin ang mga Hakbang 6 hanggang 8. Pagkatapos ay tapusin ng Hakbang 9.

©2006-2007 www.fatimaprayers.com



**Hakbang 7:** Sa bawat isa sa susunod na maliit na mga butil dasalin ang Panalangin ng Eukaristiko:

*Santisimo Trinidad, sinasamba Ko Kayo! Diyos ko, Diyos ko, minamahal Ko po Kayo sa Kabanal-banalang Sakramento.*

**Hakbang 8:** Sa kadena na nag-uugpong dasalin ang Panalangin ng Dekada:

*O Hesus Ko, patawarin mo po ang aming mga sala, iligtas mo po kami sa apoy ng impiyerno. Akayin mo po ang lahat ng mga kaluluwa patungo sa Langit, at tulungan lalung-lalo na yoong mga higit na nangangailangan ng [Inyong Awa].*

**Hakbang 9:** Sa hibilya dasalin ang Panalangin ng Anghel:

*O Santisimo Trinidad, Ama, Anak at Espiritu Santo, labis ko po Kayong sinasamba. Inaalay ko po sa Inyo ang pinakamamahal na Katawan, Dugo, Kaluluwa at Pagka-Diyos ni Hesu Kristo na nasa lahat ng mga tabernakulo sa buong mundo, bilang reparasyon para sa mga kalapastanganan, mga sakrilehiyo, at pagwawalang-bahala na kung saan Siya ay nasasaktan. Sa pamamagitan ng walang-hanggang mga biyaya ng Kasanto-santuhang Puso ni Hesus at Kalinis-linisang Puso ni Maria ako po ay nagmamakaawa para sa pagbabalik-loob ng mga kahabag-habag na mga makasalanan. [Tapusin sa pamamagitan ng PANGUNGURUS. Amen].*

Ang Permiso ay ibinibigay para kopyahin ang Chaplet na ito gaya ng makikita rito, sa kondisyon na ito ay ipamamahagi ng libre